Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com* *email. bulacan@deped.gov.ph*

MEMORANDUM

Para sa: Hepe ng CID
Mga Tagamasid Pampurok
Punong-Guro ng Elementarya at Sekundarya
Iba Pang May Kinalaman

Mula sa: Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa: Timpalakan 2020 ng UP Lakan

Petsa: Nobyembre 26, 2019

Kaugnay ng liham ng UP Lakan na may petsang Nobyembre 11, 2019, ipinababatid sa kinauukaulan ang paanyaya na magpadala ng mga kalahok para sa mga sumusunod na paligsahan:

| **A. ELEMENTARYA** | **B. SEKUNDARYA** |
|---|---|
| Enero 18, 2020 (Sabado, 8 N.U.)<br>Jesus Is Lord Colleges Foundation<br>Bocaue, Bulacan<br><br>1. Essay Writing<br>2. Pagsulat ng Sanaysay<br>3. Poster Making<br>4. Group Quiz Bee | Enero 25-26, (Sabado at Linggo)<br>Dr. Yanga's Colleges, Inc.<br>Bocaue, Bulacan<br><br>1. Essay Writing<br>2. Pagsulat ng Sanaysay<br>3. Poster Making<br>4. Group Quiz Bee<br>5. Impromptu Speech<br>6. Talumpating Speech<br>7. Debate |

Ang magwawagi ay kakatawan sa lalawigan ng Bulacan sa pambansang kumpetisyon na gaganapin sa UP Diliman, Quezon City.

Ang memorandum na ito ay magsisilbing pahintulot sa paglalakbay ng mga gurong tagapagsanay at mag-aaral na kalahok. Ipinapaalala na ang mag-aaral na ilalahok ay dapat mayroong parent's consent.

Para sa katanuyan at iba pang detalye, makipag-ugnayan kina: Georgie Kate Vinagrera (0906-511-2802); Paolo Valencia (0918-536-4636); at Ellariza Fredeluces – Pres. of UP Lakan (0936-477-5273).

Para sa kabatiran at pagtugon.

**GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

*ISO 9001:2015 CERTIFIED*
*Registration Number: DE-50500546 QM15*

# TIMPALAKAN 2020

SDO of BULACAN
RECEIVED
NOV 11 2019
By:
Time:

Ika-11 ng Nobyembre 2019

*Germelina H. Pascual*
*Schools Division Superintendent*
*Division of Bulacan, Department of Education*

Pagbati!

Kami po ang **UP LAKAN**, sosyo-sibikong samahan ng mga Bulakenyong mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas na hindi umaanib sa anumang partidong pulitikal at hindi kumikita ng salapi para sa personal na interes. Bilang isang kinikilalang organisasyon ng ***National Youth Commission (NYC)*** at aktibong kasapi ng ***UP Sanlahi Alliance***, kami po ang sanlakas ng mga iskolar ng bayan na pinagbuklod ng layuning umagapay sa mga kababayan sa unibersidad at sa lalawigan. Batay sa ganitong prinsipyo, patuloy po kaming naglulunsad ng mga gawain at mga proyektong ang makikinabang ay kapwa rin mga Bulakenyo. Sa 29 na taong pagsusulong ng kagalingan sa paglilingkod, minsan na po kaming kinilala at pinarangalan ng **Gintong Kabataan Award for Public Service** noong 2009, **Oblation Run Awards for Service, 2nd Runner-Up Organization** noong 2015, **Search for Outstanding Volunteers, National Outstanding Volunteer Award** noong 2016, at **Natatanging Samahang Pang-mag-aaral** sa UP Diliman nitong Abril 2017.

Kaugnay ng pagtataguyod ng mga sosyo-sibikong gawain at pagsusulong ng kagalingang serbisyo-akademiko sa lalawigan, idadaos po namin ang **Timpalakan 2019**, isang patimpalak para sa mga mag-aaral ng mga mababa at mataas na paaralan sa lalawigan. Ang para sa elementarya ay gaganapin sa **ika-18 ng Enero, 2020** (Sabado) sa **Jesus Is Lord Colleges Foundation, Inc., Bocaue, Bulacan** at ang para naman sa mataas na antas ay sa **ika-25 hanggang ika-26 ng Enero, 2020** (Sabado at Linggo) sa **Dr. Yanga's Colleges, Inc., Bocaue, Bulacan.**

Ang patimpalak na ito ay mayroong pitong kategorya; *Essay Writing (English)*, Pagsulat ng Sanaysay (Filipino), *Poster Making*, *Group Quiz Bee*, para sa parehong antas *at Impromptu Speech*, Talumpating di-Handa, at *Debate* ay karagdagang patimpalak para sa mataaas na antas. Ang mga mananalo sa paligsahang ito ay siya ring magiging mga kinatawan ng ating lalawigan sa **PATALASANLAHI 2020**, isang pambansang kompetisyon na gaganapin sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod ng Quezon at lalahukan ng mga paaralan mula sa iba't ibang lalawigan sa bansa.

**Kaugnay po nito, nais po naming hingin ang tulong ng inyong ahensya upang i-endorso ang patimpalak na ito.**

# TIMPALAKAN 2020

Maaari po kaming makipag-ugnayan sa inyo gamit ang mga detalyeng pang-komunikasyong kasama sa liham na ito para sa anumang tugon, o tanong, o iba pang mga bagay na may kinalaman sa gawaing ito.

Pauna na po naming iniaabot ang aming pasasalamat sa anumang magiging tugon ninyo.

Nananatili at gumagalang,


**Georgie Kate Vinagrera**
Pangalawang Panlabas na Pangulo
UP LAKAN
0906 511 2802

**Paolo Valencia**
Tagapangulo, Lupong
Pang-Akademikong Gawain
UP LAKAN
0918 536 4637

**Ellarizza Fredeluces**
Pangulo
UP LAKAN
0936 477 5273